

# PROLOGUE

Madalim at maulap sa kinaroroonan niya. Luminga siya sa paligid. Tila isang mahabang tulay ang inaapakan niya. May liwanag na nagmumula sa kanyang unahan. It looked warm and safe there. Parang inaakit siyang humakbang patungo roon.

“Jared...”

Narinig niya ang pagtawag mula sa kanyang likuran.

Lumington siya. Nang sandaling gawin niya iyon, nakaramdam siya ng matinding sakit sa kanyang batok. Parang mas madaling lumakad na lang sa direksyon sa kanyang harapan. Mas nakakaengganyo ang tanawin sa kabilang dulo ng tulay. Doon na lamang siya pupunta. Papaling na siyang muli sa direksyong iyon ngunit narinig niya ulit ang mahinang pagtawag.

“Hang on... Please, don't give up...”

Sa kabila ng sakit sa kanyang likuran at ang mabigat na tila hollow block na nakadagan sa kanyang dibdib, sinundan niya ang direksyong pinanggagalingan ng tinig. Na para bang nagtataglay iyon ng lakas na hindi niya kayang tanggihan.

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

Pumihit siya at nagulat sa biglang sakit, gusto na niyang sumuko. Ngunit muli niyang narinig ang boses.

“Jared,” muling sambit nito sa pangalan niya. He could hear the despair in her voice.

Paano niya makakayang talikuran ang ganoong pakiusap? Itinuloy niya ang paglalakad pabalik dito. Kasabay noon ay ang unti-unting pagbalik ng kanyang diwa. Natunaw ang tulay at napalitan iyon ng isang silid. May humawak sa kanyang kamay at sa unang pagkakataon mula nang talikuran niya ang liwanag, naramdaman niyang magiging maayos din ang lahat. Pinilit niyang imulat ang mga mata para makita ang mukha ng babaeng tumawag sa kanya pero namimigat pa ang kanyang mga mata.

Nanghihina siya sa tila napakahabang biyaheng ginawa. Kailangan niya lang sigurong magpahinga at pagkatapos ay saka niya makikita ang mukha nito.

*When he wakes up...*

# 1

Halos ayaw gumising ni Isaac. Nanaginip siya nang maganda at alam niyang pagmulat ng mga mata niya ay mawawala lahat iyon.

Tulad ng mga nakaraang pagkakataon, parang mga paro-paro na magsisiliparan palayo ang mga imahe at hindi na niya mahuhuli. At sasakit lang ang ulo niya kapag pinilit niyang alalahanin.

Tinakpan niya ang mga mata para hindi masilaw sa biglang pagpasok ng liwanag sa silid na sumunod sa tunog ng hinahawing kurtina.

“Magandang umaga!” Magiliw ang boses ng bumati.

Dahan-dahan siyang nagmulat. Isang babae ang tumambad sa kanyang paningin. Bahagyang aninag ang katawan nito sa suot na bestida dahil nakatapat ito sa liwanag. Tuluyan na siyang nagising.

“Hi, Daisy!” His voice sounded more like a groan than anything. Masakit ang lalamunan niya. Naparami siguro ang nainom niya kagabi at may ganoong epekto sa kanya ang alcohol. Napangiwi siya.

Kumunot ang noo nito. “Okay ka lang ba?”

Lumapit ito sa kanya at agad niyang naamoy ang pamilyar na samyo nito. Jasmine. Iyon ang amoy na tila parating bumabalot sa babaeng kaharap. Iyon din ang amoy na iniwan nito kapag nililisan ang isang lugar.

“Kung may kape, magiging okay na ’ko,” sagot niya, trying to keep his mind off her scent.

Umiling si Daisy. “Bakit kasi nagpakalasing ka na naman? Pero oo, may kape na. Gumawa na ako. Ikukuha kita, gusto mo?”

“Ako na lang.” Tatayo na sana siya nang ma-realize na wala siyang pang-itaas. Hinubad niya ang t-shirt na suot kagabi dahil nainitan siya. Pagkatapos ay bumagsak na siya sa sofa at agad na nakatulog. Ang yakap niyang unan lang ang takip ng katawan niya. At kahit sanay siyang nasa paligid si Daisy, parang di pa rin disente na maglakad sa harapan nito ng walang damit.

Yumuko ito, may pinulot at pagkatapos ay itinaas ang t-shirt niya sa ere. “Ito ba?”

“Thanks,” sabi niya bago mabilis na isinuot ang t-shirt. “Ano ba’ng gagawin ko sa buhay ko kung wala ka?”

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

Namaywang ito sa harapan niya. “Tingnan natin. Baka nalunod ka na doon sa dam noong nag-swimming ka matapos mong uminom ng isang boteng *Emperador* o kaya may ulcers ka na ngayon dahil sa hindi pagkain o kaya naman ay...”

Nginitian niya ito ng pasasalamat. “Yeah, I’ll probably be dead without you.”

---

*You’ll probably be,* Daisy’s mind agreed.

Sa katunayan, halos wala na itong buhay nang dalhin sa kanya mahigit anim na buwan na ang nakakaraan.

*Nasa parking lot siya ng hospital na pinagtatrabahuan at binubuksan ang pinto ng kanyang kotse nang lapitan siya ng ilang kalalakihan.*

“Dr. Castillo, kailangan n’yong sumama sa amin ngayon,” anang isa sa mga ito.

*Nagdududa ang tinging ibinato niya sa mga ito.*

“Sino kayo?”

“Please, Doc. Mamaya na kami magpapaliwanag. Mahalaga lang malaman mo ngayon na hindi kami masamang tao pero kailangan namin ang tulong mo.”

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

Sa kabila ng alinlangan ay sumama siya. Wala talaga siyang pagpipilian dahil parang mga bariles ang katawan ng dalawang lalaking nasa magkabilang gilid niya. Nang makarating sila sa sasakyan ay saka lang ipinaliwanag ng mga ito ang pangyayari matapos siyang papangakuin na mananatiling confidential ang lahat.

*“We have in our hands the primary witness para sa isang recent na anomalya sa stock exchange,”* sabi ng isa.

Hindi niya alam eksakto ang nature ng anomalyang iyon pero hindi iisang beses na narinig niya iyon sa kanyang mga pasyente. *Something about insiders’ trading na dahilan ng pagkalugi ng napakaraming investors. Ibinalik niya ang atensyon sa sinasabi ng lalaki.*

*“May naka-assign sa kanyang isang NBI agent bilang bantay. But we seem to have underestimated the threat to his life. Kagabi ay kasama niya ang agent na nabanggit at ang kanyang fiancée na si Almira Ramos nang i-ambush ang kanyang sasakyan. Bumangga ang sasakyan at nahulog sa isang tulay.”*

*“Oh my God.”* Nasapo niya ang dibdib sa narinig na trahedyang.

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

*Nagpatuloy ang nagsasalita. “Buhay pa ang witness pero hindi namin alam kung magtatagal siya kung hindi mabibigyan ng agarang lunas. His name is Jared Almeda. Nakuha namin siya at naitakas patungo sa isang secured facility malapit lang dito. Sabi ng mga military doctors na tumingin sa kanya, masyadong malaki ang damage sa kanyang ulo at ang tanging pag-asa niya ay kung may isang magaling na neurologist na titingin sa kanya. We did our research at lumabas ang tatlong pangalan ng pinakamagaling na espesyalista sa Pilipinas at isa ka roon. Kailangan ka namin, Doc...”*

*“Tatlo ang nakuha n’yong pangalan, bakit ako ang napili?”*

*“Dahil alam din namin na puwede kang mawala sandali nang walang maghahanap sa iyo. You can just call in and tell people at work na nagbakasyon ka at walang masyadong magtatanong ng detalye. Wala kang immediate family o karelasyon na magdududa kapag hindi ka nakita ng ilang araw.”*

*Noon lang niya na-realize ang katotohanang iyon. Hindi yata nakakatuwang realisasyon iyon para sa isang tao – ang mawala ka at wala man lang maghahanap sa iyo. Isinantabi niya ang isiping iyon. There was no point in thinking about that now. Mas*

urgent ang bagay na kinakaharap niya. May buhay na nakasalalay.

“Ano’ng kailangan kong gawin?”

“Jared is still in the secured military facility. Kailangan namin siyang itago dahil sa panahong ito, vulnerable pa rin siya sa atake ng nagtangka sa buhay niya. Kung makakaligtas siya rito, plano naming itago siya hanggang sa panahong kailangan na niyang humarap sa korte. We peg that to be about eight months from now considering the rate we’re putting up evidences. Kung iisipin ng mga may kagagawan nito na patay na siya, mas mabuti para sa kaligtasan niya. His only living relative, his mother, will be informed accordingly.”

Tumango siya. “Dalhin n’yo ako sa kanya.”

“We have the best medical facilities. Nagkataon lang na wala pa kaming resident doctor na may kapasidad mo,” paliwanag ng isa sa mga kalalakihan.

Humingi ito ng paumanhin sa kanya bago piniringan ang kanyang mga mata para hindi niya makita ang daraanan nila. Pinilit niyang mag-relax sa kabila ng takot sa nangyayari. Nang sa wakas ay tinanggal ang piring ay nakita niyang hindi nagbibiro ang agents. State of the art ang pasilidad na



pinagdalhan sa kanya. Hindi iyon nahuhuli sa hospital na pinagtatrabahuan niya kahit na sabihing mas maliit ang lugar na iyon.

Nasa ICU pa ang pasyente nang makita niya pero sinabi sa kanya na nakahanda na ang operating room. Lumapit siya at nakita sa unang pagkakataon ang stockbroker na state witness. Maputla ang mukha ng lalaki, walang kulay pati labi nito. He looked like a handsome marble statue of a prince she once saw in one of her trips to Europe.

Marahan niyang itinaas ang isang kamay para hawakan ang bandang leeg nito at pakiramdaman ang pulso. Mahina iyon pero lumalaban.

Agad siyang kumilos katulong ang resident surgeon ng ospital na iyon. Ginamit niya ang lahat ng nalalaman para iligtas ang buhay nito. He was proclaimed stable three days after the operation.

Mayroon lang isang komplikasyon ang aksidente.

“Wala siyang naaalalang kahit ano?” tanong ni Melvin Deogracia, ang team leader ng NBI na naka-assign sa kaso ni Jared. Isa rin ito sa mga lalaking pumunta sa kanya sa hospital.

“It looks that way. Nagising siya sandali kanina at nang kausapin ko siya, he was very confused. Mukhang

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

wala siyang natatandaan. I ran some diagnostics at may nakita akong ilang indications ng memory loss although his MRI showed na walang permanenteng damage sa utak niya. Kaya malaki ang chance na temporary condition lang ito. Nakatulog siya agad ulit dahil sa mga gamot na itinurok sa kanya.”

Nag-usap sandali ang grupo bago muling humarap sa kanya ang leader.

“Itutuloy namin ang planong pagtatago sa kanya. But given his condition, iniisip namin na baka hindi magandang malaman niya ang tungkol sa tunay na nangyari sa kanya. Tulad na lang ng pagkamatay ng kanyang fiancée. Baka lalo siyang ma-frustrate o hindi makipag-cooperate. But he’s bound to find out the truth and know the cause of her death.”

“Ano’ng plano ninyo?”

“Habang itinatago siya at habang hindi pa bumabalik ang alaala niya, bibigyan namin siya ng ibang identity at ibang cover story.”

Bilang doktor, duda siya kung iyon ang pinakatamang gawin. If his condition was temporary as she believed, he would only be confused when his memory returned.

“Bakit hindi na lang n’yo sabihin ang totoo

*maliban sa pagkamatay ng fiancée niya?”*

*“Sa panahon ngayon, Doc Daisy, napakadaling hanapin ang sarili mo sa Internet. He could Google himself and find out the truth. We have to give him an identity na hindi niya maiko-connect sa nangyari ngayon. Of course, maglalagay din kami online ng basic personal info niya para hindi naman blank ang lalabas kung mag-search siya.”*

*Hindi siya komportable o sumasang-ayon sa sinabi nito pero sigurado siyang mas alam ng mga ito ang ginagawa. At kung ang strategy na iyon lang ang paraan para manatiling buhay ang kanyang pasyente ay payag siya.*

*“If you think that is best for him.”*

*“Yes. His safety is our priority. Also we are offering you a job to be part of the team that will ensure his full recovery.”*

*Napamaang siya. “Gusto ko lang ipaalala na hindi ako nakakasiguro kung kailan babalik ang memorya niya. Sa karanasan ko ay maaaring temporary lang ito. Pero walang kasiguraduhan kung kailan mawawala ang amnesia niya. Maaaring bukas o sa isang taon o makalipas ang sampung taon. Hanggang kailan n’yo siya itatago? Hanggang kailan ako kailangang*

manatili para sa kanya?”

“Siya ang pinaka-credible na witness na hawak namin kung kaya umaasa kami na gagaling siya bago magsimula ang hearing. Pero kung hindi mangyari iyon hanggang ligtas na ulit siyang lumabas. Marahil ay kapag hindi na mainit ang kaso. Then we will tell him the truth. Dr. Castillo, halos nagsakripisyo ng buhay niya si Jared para sa interes ng bansa. Marapat lamang na ibalik namin iyon sa pamamagitan ng pagsiguro ng kaligtasan niya.”

“At dahil may mahalagang impormasyon sa utak niya,” dagdag niya. Hindi siya lubos na naniniwala sa humanitarian reason ng leader. May kapalit ang lahat.

Hindi tinutulan ng lalaki ang sinabi niya. “Kailangan niya ng kasamang nakakaintindi ng kanyang kondisyon at isang puwedeng mag-alaga sa kanya. Kailangan namin ng isang trained professional na magre-report ng kahit maliliit na detalye na sumagi sa isip niya. Impormasyon na puwedeng mag-guide sa amin habang hindi pa kompleto ang alaala niya.

“But please don’t see us as monsters. Concerned din kami sa kanya. Hindi ba’t ikaw na rin ang nagsabi na bagaman stable siya ngayon, kailangan pa rin ng continuous monitoring ng kanyang kondisyon? Ang gusto kong malaman ay kung papayag kang maging

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

*doktor niya. Pinakamahaba na siguro ang siyam na buwan? You're a civilian and therefore we cannot force you. Maaari kang tumanggi o kaya naman ay mag-resign in case hindi mo kayanin ang demand ng trabaho. Your choice."*

*Hindi siya agad sumagot. Tiningnan niya ang natutulog na si Jared. Naalala niya ang unang beses na nasilayan niya ang mga mata nito kanina. He seemed so lost. At may kung anong umantig sa puso niya dahil doon.*

*Isa pa, ano ba ang mayroon siya na hindi puwedeng iwan? She had given up everything for this career, had never done anything out of the ordinary in order to finish med school and her specialization. Nang mga nakaraang buwan ay nababagot na siya at nangangarap ng ibang buhay. She admittedly craved for a more exciting life. She was looking forward to having an adventure. Ito na siguro iyon.*

*Tumango siya bilang pagpayag. "Ano'ng magiging pangalan niya?"*

*"Isaac Ortaleza."*

---

*"Ikaw, hindi ka ba magkakape?" tanong ni Isaac.*

Sanay na ito na naroon siya sa cottage, dala noong mga panahong kinakailangan pa niyang i-check ang kalagayan ng kalusugan nito tuwing umaga. Naging tradisyon tuloy na siya ang nagbubukas ng mga bintana ng cottage nito para papasukin ang liwanag.

“Sige,” sabi niya. “Bago ako pumunta sa clinic.”

Pinanood niya ang pagtalikod nito para magsalin ng kape galing sa coffemaker. Hindi nakaligtas sa obserbasyon niya na unti-unti nang nakaka-recover ang pangangatawan nito.

Kunsabagay, mahigit anim na buwan na mula nang dalhin sila rito, gamit ang kanilang cover story. Malayo sila sa Maynila at maituturing na liblib ang lugar. Binuo ang cover story ayon sa mga pangangailangan nila. They still needed a clinic kung kaya pinalabas na si Daisy Castillo ay isang doktor sa liblib na barrio sa paanan ng bundok. At si Isaac Ortaleza ang may-ari ng compound kung saan nakatayo ang klinika at nangungupahan si Daisy.

*“Ang alam ko lang, sabi mo dati, wala ka nang pamilya at saka sawa ka na sa buhay sa Maynila kaya dito ka napunta. Nagustuhan mo rito kaya nagdesisyon kang mag-settle dito kamakailan lang. Wala ka pa nga yatang tsansa na makipagkaibigan sa mga tagarito kaya huwag kang magtataka kung wala*

*kang kakilala,” aniya kay Isaac.*

Apat ang cottages sa compound na iyon. Ang isa ay ginawang clinic, isa ay sa kanya, ang pinakamalaki ay kay Isaac at mayroong staff house kung saan nakatira si Byron, isang undercover *NBI* Agent na gumaganap na katiwala at accountant nito.

Ang pinanggagalingan ng pera ni Isaac ay ang mga pinarentahan nitong properties at gayundin ang maliit na coconut plantation.

Siya ang nagsabi rito na nagkakilala sila kailan lang bago ang aksidente. Na katarating lang niya sa barrio para maging volunteer doctor doon. Sila ni Byron ang kumumbinsi rito na nawala ang cellphone nito noong naaksidente kaya wala itong ibang contact liban sa kanila. Iyon din ang dahilan kung bakit wala silang kilala na puwede nitong puntahang iba.

She and Byron seemed to have fed him a tissue of lies. Daisy was just amazed that months have passed without Jared suspecting a thing.

Hindi marahil nito nahahalata pero tuwing umaga ay binibigyan niya ito ng simpleng memory tests para alamin kung ano ang posibleng naaalala nito. Lahat ng progress nito ay naka-log at inire-report ni Byron sa main office. Ang napansin niya,

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

ilang linggo nang tila hindi mapakali si Isaac. Parang nagsisimula na itong maghanap ng kasagutan sa mga bagay na gumagambala rito. Nasabi ng lalaki minsan ang tungkol sa mga panaganip nito. He was also becoming restless.

Maaaring ibig sabihin niyon ay mabilis na gumagana ang subconscious nito upang tulungan ang conscious mind nito na makaalala.



## 2

“Daisy, ’eto na ang kape mo.” Iniabot ni Isaac sa kanya ang umuusok na mug.

“Salamat.” Nginitian niya ito. Conscious siya na tinititigan siya nito habang tahimik niyang iniinom ang kape. Tumunghay siya nang sa wakas ay hindi na niya matiis ang tahimik na panonood nito. “May gusto ka bang sabihin?”

Nag-alangan ito. “Uhm, never mind.”

“Alam mo, hindi rin ako mapapakali kapag hindi mo itinuloy. Ano ba iyon?”

Uminom muna ulit ito ng kape. Kahit bahagyang namamaga pa ang mga mata at may anino ng pasimulang tubo ng bigote at balbas sa mukha nito ay hindi nabawasan ang gandang lalaki ng binata. Sa tingin nga niya ay lalo pa itong nakadagdag sa appeal nito. At sa pang-ilang ulit ay naisip niya na mabuti na lamang at milagrong hindi nasira ng nangyaring aksidente ang mukha nito.

“Gusto ko lang itanong...” simula nito.

Kinailangan niyang kumurap ng dalawang ulit

upang mag-focus sa issue at hindi ma-distract sa hitsura nito. Ibinaba nito ang tasa at hinawakan iyon ng dalawang kamay, pagkatapos lalo pa siyang tinitigan.

“Magkakilala na tayo bago pa ako maaksidente, hindi ba?”

Aksidente. Iyon ang paliwanag nila sa nangyari rito. Sabi nila ay freak accident lang ang dahilan ng amnesia nito. Nahulog ito sa scaffolding na sinusubukan nitong akyatin noong ipinagagawa pa lang ang cottage.

“Yup.” Uminom siya ng kape para itago ang mukha.

“Matagal na?”

“Hindi masyado. A couple of weeks before the accident lang. Alam mo na iyon, di ba?”

“Daisy, matagal ko na itong gustong itanong. Hinihintay kong i-bring up mo pero parang wala kang balak magsalita. Was there something between us bago ako naaksidente?”

Muntik nang matapon ang kapeng iniinom niya. Sinubukan niyang tingnan nang derecho si Isaac.

“No. Wala tayong relasyon bago ka naaksidente,”

matuwid na tugon niya.

Hindi niya mabasa ang reaksiyon nito sa sinabi niya. Tila nadismaya pero tila nakahinga rin nang maluwag. Sumandal ito sa inuupuan, bumakat sa t-shirt ang matipunong katawan at ang flat na tiyan na namimintina dahil sa pagpipilit nitong mag-aral ng mga trabahong menyal sa paligid.

“Bakit mo naman naisipang itanong iyan?”

Umiling ito bago inubos ang laman ng mug. His eyes grew thoughtful again.

“Wala. I just wondered. Wala akong maalala. Nakakalimutan ko kahit ang mga panaginip ko as soon as I wake up. Except for this girl. I keep on seeing a girl in my dreams, hindi malinaw ang mukha at hitsura niya pero alam kong dapat ko siyang alalahanin. I keep on wondering kung ikaw ang babaeng iyon.”

Alam ni Daisy, a memory however slight can trigger other memories. Naging mas alerto siya.

“Malimit mo ba siyang mapanaginipan?”

“Lately, yes,” amin nito.

“At ano’ng nakikita mo?”

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

Kumunot ang noo nito. “Wala masyado. Alam ko lang na may isang babae sa panaginip ko. Tapos may naaalala akong ilang imahe pero mabilis ding nawawala. Natitira iyong pakiramdam ng panaginip, mas matagal mawala... pero iyon lang. Wala na akong maalalang iba.” Muli siyang pinag-aralan ni Isaac. “May alam ka pa bang hindi mo sinasabi sa akin?” Sa wakas ay muling tanong nito.

“I am sorry pero nasabi ko na sa iyo lahat ng kailangan kong sabihin,” malungkot na saad niya.

Alam niya bilang doctor na mas makakatulong sana ang katotohanan para i-jog ang alaala nito. Pero kagaya ng ipinaliwanag sa kanya, mas malaki ang risk kapag ginawa nila iyon kung kaya ibang paraan ang kailangan nilang gawin para bumalik ang alaala nito.

“I am sorry I can’t help you much with that pero gusto sana kitang bigyan ng mas thorough check-up mamaya para mas makita natin ang development mo,” patuloy niya.

“Sure. I’d like that,” anito.

---

Pakiramdam ni Daisy ay nakakahalata na si Isaac na mayroon siyang isini-sekreto mula rito. Sa clinic, medyo distracted man ay nag-focus siya sa

paghahanda ng klinika para sa mga pasyente.

Cover lang ang pagiging barrio doctor niya pero totoo ang pangangailangan ng mga tao roon para sa isang manggagamot. Nakahanap siya ng kasiyahan sa pagbibigay ng tulong-medikal sa mga mahihirap doon. Nag-i-inventory siya ng stock ng common medications nang pumasok si Byron at tumambay sa klinika.

Una ay pinapanood lang siya nito. “Kumusta ang pasyente mo?” mayamaya ay untag nito.

“Okay naman si Isaac,” kaswal na tugon niya. Humarap siya rito para i-share ang iniisip. “May palagay akong nagsisimula nang mag-ugnay ang subconscious niya sa conscious mind niya. May mga panaginip siya na nagba-bother sa kanya at baka hindi magtagal ay maikonekta niya iyon sa buhay niya bago ang aksidente. Sa totoong pagkatao niya.”

Matagal siya nitong tiningnan. Parang gusto niyang mapikon. Bakit ba ngayong araw na ito ay panay ang titig sa kanya ng mga lalaking nasa paligid niya?

“That’s good news, hindi ba?” tanong ni Byron.

“Yes, of course.”

“Pero bakit parang worried ka?” tanong nito.

“Hindi ako worried. Anything that can trigger his memory is good news para sa atin.”

Nagpatuloy ito sa pagtitig sa kanya hanggang hindi na niya kinaya. “What?”

Nagkibit-balikat ang binata. Mas matangkad kaysa ordinaryo si Byron pero mas maliit ito kay Isaac nang ilang pulgada. May hitsura rin ito kung tutuusin lalo na at may kapilyuhan ang ngiti. Ang problema lang, mahirap maging ‘may hitsura’ lang kapag nasa lugar na malapit kay Isaac. Hindi mapapansin ang ordinaryong hitsura sa tabi ng extra ordinary na kakisigan ni Isaac. Or maybe it was just her. Mahirap para sa kanya na mapansin ang hitsura ng kahit sino kapag nasa paligid si Isaac. At nagsisimula na siyang gambalain ng realisasyong iyon.

“What?” ulit niya nang nanatiling nakatitig lang ang binata sa kanya.

“Nagkakagusto ka na ba kay Isaac?”

“Ano ba?” Nag-init ang pisngi niya. Kanina ay tinanong siya ni Isaac kung nagkarelasyon sila. Ngayon, tinatanong siya ni Byron kung nagkakagusto na siya sa binata.

What's up with that? Umiwas siya ng tingin sa kausap. "Umayos-ayos ka diyan, Byron. May darating nang pasyente. Bakit ka ba narito nang ganito kaaga in the first place? Alam mo ba kung dumating na sina Leslie at Zet?" Ang mga nurses na ini-assign doon ng provincial hospital ang tinutukoy niya.

Umiling ang kaharap. "Alam mo simple lang naman ang tanong ko. Sasabihin mo lang na mali ako dahil wala kang gusto kay Isaac. Pero dahil hindi ka makasagot..."

"Byron, best friends ba tayo?"

Tumawa ito nang malakas. "Hindi. Pero anim na buwan na tayong magkasama rito kaya baka puwede na tayong magsabihan ng mga bagay na personal. So, may gusto ka na nga ba kay Isaac? Curious lang ako."

Tiningnan niya ito nang may pagdududa. "Are you gay?"

"Ano?" Humakbang ito palapit sa kanya. "Ba't ganyan ang tanong mo?"

"Kasi iyong mga linya mo pang-girl o gay best friend lang."

"Gusto mo ng patunay na hindi ako bakla?" Lalo pa itong lumapit sa kanya.

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

Humakbang siya paurong. Nakaramdam siya ng pag-iinit ng mukha.

“Okay, okay! Hindi ka na nga bakla kung hindi.”

Pero humakbang pa ulit ito ng isa palapit sa kanya.

“So, ano na nga? Nagkakagusto ka na ba kay Isaac?”

“Byron, ano ka ba? Ang kulit mo! Drop it, okay?”

Nang sandaling iyon ay may tumikhim sa pintuan. Si Isaac. Hindi nila napansin nang pumasok ito. Hindi niya rin alam kung ano ang narinig nito. But her face burned hotter at the sight of him standing by the doorway.

“I am sorry,” sabi nito. Bahagyang nakakunot ang noo na tumawid ang tingin nito sa kanya at kay Byron, pabalik ulit sa kanya. “May naistorbo yata ako...”

“Wala,” mabilis na sagot niya. Hindi niya alam kung matutuwa o maiinis na mali ang interpretasyon nito sa inabutang eksena.

Matagal pa ulit itong tunitig sa kanya. Matutunaw na siya kapag hindi pa ito tumigil. “May kailangan ka ba?”



Umiling ito. “Wala naman. Wala na kasi akong ginagawa. Itatanong ko lang kung may maitutulong ako dito. Pero mukhang... busy ka. I guess, I’ll just...” Tila nag-isip ito ng kung ano ang gagawin pero walang masabi. He raised a hand indifferently. “Maglalakad-lakad na lang ako sa labas.”

“May kailangan ka ba sa akin, Boss?” ani Byron.

“Wala. Okay na sa akin iyong mga pina-review mong documents. Kunin mo na lang mamaya kapag— kapag hindi ka na busy.” Iyon lang at lumabas na ito ng clinic.

Naiwang hindi makapagsalita sina Daisy at Byron. Nang maka-recover ay humarap sa kanya ang lalaki. Tila may nabuo na itong opinion tungkol sa kanila Isaac.

“Ipapaalala ko lang, Doc Daisy. Iyong mga damdaming ganyan, ginagawang komplikado ang sitwasyong katulad nito.”

Buntong-hininga ang tanging naisagot niya.

“Pero kung d’un ka magiging masaya, suportado kita.” Inakbayan siya nito.

“Byron kapag hindi ka tumigil tuturuan na kita ng sedative,” nakangiting warning niya.

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

Muli itong tumawa nang malakas. “Ang cute mo talaga, Doc.”

# 3

*Damn it!* mura ni Isaac sa sarili.

He acted like a fool in there. Mas masama pa, he was feeling like a fool. May sasabihin talaga siya dapat. Pero nang makita niya si Byron na masyadong malapit kay Daisy, walang natira sa utak niya kung hindi pagkabuwisit.

Bakit siya mabubuwisit? Nagseselos ba siya? Bakit siya magseselos? O baka apektado lang siya dahil may mga gumugulo sa isip niya nitong mga nakaraang araw.

Tuwing nag-iisip siya ng tungkol sa nakaraan ay parang bumabangga sa solid na pader ang utak niya. Gulung-gulo siya nitong huli. May mga imaheng hindi niya kayang bigyan ng kahulugan na walang tigil sa paglalaro sa utak niya.

*Damn it!* mura niya uli bago bumuwelta pabalik sa pinanggalingang klinika.

Binuksan niya ang pinto. Naron pa rin at magkaharap sina Daisy at Byron. Napakunot muli ang noo niya pero hindi na siya nag-back down sa pagkakataong ito.

“Daisy, puwede bang i-check mo na ako? Saka kung puwede mag-usap na rin tayo?”

“S-sure,” atubiling tugon nito. “Ngayon na?”

“Kung wala kang ginagawa.”

“Sige,” tugon nito. “Wala pa namang pasyente.”

Ibinaling niya ang tingin kay Byron. At hindi na niya kinailangang magsalita. Nadadaan ito sa tingin. Agad na itong nagpaalam habang bumubulong ng tungkol sa mga dapat daw nitong gawin na inuutos niya. Sinundan niya ito ng tingin at nang makalabas na ito ay saka siya namulsa bago humarap sa manggagamot.

Sa kabila ng mga lumilito sa isip niya, hindi niya maiwasang mapansin na maganda talaga ang doktora. Her shoulder length hair framed an oval face, makapal ang kilay nito ngunit lalo lamang iyong nagpatingkad sa pagiging dramatic ng maitim at malalim nitong mga mata. Mahaba at makapal din ang pilik ng dalaga na ngayon ay bahagyang nagtatago sa ekspresyon ng mga mata nito. Hindi kailangan ng kolorote sa mukha ni Doc Daisy. Her colors were vivid enough even without makeup.

“Come here,” malambing pero professional na sabi nito sa kanya.

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

Sa loob ng ilang minuto ay ilang procedures ang ginawa nito para alamin ang kanyang kondisyon. Pamilyar na siya sa iba sa mga iyon. Tinanong din siya nito ng kung anu-anong bagay na tila ito lang ang nakakaintindi ng significance. Matiyaga nitong hinihintay ang bawat sagot niya at isinusulat iyon.

Nang tila makuntento ang doktora ay isinarado nito ang sinusulatan ng progress report ukol sa kanya at nginitian siya.

“I think you’re responding well to treatment, Mr. Ortaleza.”

“Kailan ako makakaalala?” tanong niya kahit alam na ang saktong isasagot nito.

“Hindi natin iyon masasabi.”

“May mga naiisip kasi akong bumabagabag sa akin.”

“Tulad ng?”

“Hindi ko maintindihan kung bakit ako nagdesisyong manirahan dito sa bundok... bukid, whatever this is. It’s pretty obvious na wala akong kaalam-alam kung paano mamuhay rito.”

“Baka hindi mo lang maalala,” malumanay na tugon nito.

“You are a doctor. Alam mo na hindi kasali sa nakakalimutan ng mga may amnesia ang skills nila bago mawala ang memories. And that is my problem. Wala akong ideya kung paano umakyat ng puno o magkumpuni ng kahit ano. Kailangan ko pang aralin ang paraan ng pamumuhay dito mula nang okay na akong magtrabaho. At hindi iyon madali para sa akin.

“Most of the time, I feel like a fumbling idiot trying things out. I don’t think I’m incompetent. So, bakit ko pinili ang mamuhay dito when I obviously don’t have the skills to survive in this place?” He combed his hand through his hair in frustration. “Pasensya ka na. It’s just that... God, this is so frustrating! Wala man lang bang naghahanap sa akin o nag-isip na dalawin ako rito? Where can I go to find someone who knows me—anyone?”

Humakbang si Daisy palapit sa kanya. Tentatibong hinawakan nito ang balikat niya. Tiningnan niya ito para ipaintindi ang nararamdan niya.

“Isaac, you have to be more patient,” malumanay na sabi nito.

“Tuwing umaga, tinitingnan ko ang sarili ko sa salamin at ni hindi ko maalala ang sarili kong mukha. Lahat ng alam ko tungkol sa sarili ko sinabi lang sa akin. Wala akong dahilan para pagdudahan

kayo—ikaw lalo na. Pero bakit parang wala akong maramdamang koneksyon sa paligid ko at sa lahat ng ginagawa ko dito?”

“Kailan lang nagsimula ang mga nararamdaman mo ngayon, hindi ba? It could be that you are beginning to remember kaya naba-bother ka ng maliliit na detalye. Huwag kang masyadong magmadali. Kaunting pasensya pa.”

“Anim na buwan na mula nang magising akong walang naaalala! Anong klaseng pasensya pa ba ang kailangan ko?”

“Ganito na lang. How are you moving ahead with the diary na sinabi kong sulatan mo ng lahat ng mga bagay na bumabagabag sa iyo? Iyong mga tanong mo, iyong mga napapanaginipan mo as soon as you wake up bago tuluyang mawala lahat? Iyong mga imahe sa isip mo na hindi mo alam ang ibig sabihin?”

“I’m doing as instructed. May mga patterns akong nakikita sa panaginip ko. But they all seem so vague.”

“We’ll review the patterns that you recognize. Baka makabuo tayo ng connections.

---

Nakatingin si Isaac sa kanya. His eyes were

beautiful despite his apparent confusion and distress. Nagpatuloy ito sa pagsasalita.

“What if I am doomed never to remember anything?” “Ano’ng gagawin ko? Napapagod na ako sa ganitong buhay. Napapagod na akong mag-isip, magbigay ng interpretasyon sa napakaraming maliliit na bagay na baka wala naman palang ibig sabihin. Hindi ko alam kung ano ang buhay ko bago ako naaksidente pero alam kong mali mabuhay ng ganito.”

Umupo siya sa tabi nito. Mahina siyang nagsalita.

“Magagawa mo bang magsimula ulit?”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” Matalas ang tingin na ibinigay nito sa kanya pero hindi niya iyon ininda.

“Tutulungan kita sa abot ng aking makakaya bilang doktor at kaibigan para bumalik ang alaala mo. Pero unpredictable ang amnesia. Kung wala kang maalala, are you willing to start your life from ground zero?” tanong niya.

Napamaang ito. “Hindi ko alam kung tama ang pagkakaintindi ko sa sinasabi mo.”

“Tingnan mo ang lahat ng nasa paligid mo.



You have everything you need, mas marami kaysa mayroon ang napakaraming tao. This is not a bad life, Isaac.”

*At ligtas ka rito, gusto niyang sabihin pero hindi iyon puwede. Huminga siya nang malalim bago nagpatuloy.*

“Maybe it’s simplistic pero kung hindi na muli bumalik ang alaala mo, sana pag-aralan mong maging masaya sa buhay na ito. After all, hindi mo naman sigurado kung masaya ang buhay na gusto mong maalala, hindi ba? You are given a second life... another chance. Puwede mo bang tingnan iyon sa ganoong paraan?”

Habang nakatitig ito sa kanya at tila pinag-iisipan ang narinig, naglaro sa isip niya ang tanong ni Byron kanina.

Nagkakagusto na ba siya kay Isaac? It was the wrong question to ask.

Dahil ang totoo ay hindi siya nagkakagusto pa lamang dito. Matagal na niya itong gusto.

Noong una pa lang itong magmulat ng mga mata sa hospital ay tila nahulog na ang loob niya rito. Nang hawakan nito ang mga kamay niya na para bang nalulunod ito at siya lang ang tanging kaligtasan

nito—gusto na niya ito.

Hindi niya sinasadya na lalo itong mahalín sa mga nagdaang araw na magkasama sila. Hindi niya alam kung tama na siya pa ang nag-suggest dito na subukang magsimula muli.

Bakit niya sinabi iyon? Ano ang intensyon niya? Ginawa niya ba iyon para makatulong dito? Alam niyang mas mahirap at stressful dito ang ginagawang sobrang pag-iisip. Nag-aalala ba siya sa self-destructive patterns na ginagawa nito tulad ng paglalasing? O ginawa niya ba iyon dahil iyon ang gusto niya – ang magsimula na lang muli nang walang nakaraan si Isaac Ortaleza?

Maging siya ay nalilito na.

Itinaas nito ang isang kamay sa pisngi niya. Nakatitig pa rin ito sa kanya. Matagal bago ito muling nagsalita pero matiyaga niya itong hinintay.

“Baka maaari kong subukan,” sa wakas ay sabi nito.

Saka lamang niya hinayaan ang sarili na makahinga ng maluwag. Mas lumapit pa siya rito at hinayaan ang sarili na makulong sa matipuno nitong mga bisig.

“Susubukan ko, Daisy,” bulong nito sa ulunan niya.

---

Pinaninidigan ni Isaac ang pangako nito sa kanya nang mga sumunod na araw. Nakita niya ang mas maluwag nitong pagtanggap sa buhay na kinaroroonan nila. Iyon ang dahilan kung bakit nakangiti siya habang pinapanood ang binata na nag-aayos ng bakuran.

Naisipan nitong pagandahin ang compound, palagyan ng totoong hardin. Limang tauhan ang inupahan para tumulong sa master gardener na kinontrata nito. Noong una ay nanonood lang ito sa ginagawa ng mga tauhan ngunit kalaunan ay nakitulong na rin ito sa mga manggagawa. Pawis na pawis na tuloy ito at nakadikit na sa katawan ang basang t-shirt.

In-emphasize ng basang bahagi ng t-shirt ang linya ng muscles sa dibdib at abs nito. Huminto ito pagkatapos ibaba sa lupa ang sako ng pebbles. Itinaas nito ang isang braso upang isuklay sa basang buhok ang mga dalari.

Pinigilan ni Daisy ang mapabuntong-hininga. Magkakasala talaga siya kay Lord at sa bansang

Pilipinas kapag patuloy niyang pinagpiyestahan si Isaac. Sexy didn't begin to describe the man. Pinili pa nito ang pagkakataong iyon para tumingin sa direksyon niya. Lumapad ang ngiti sa mukha nito nang makita siya. Kinawayan siya nito. Hindi masyadong mainit ang panahon pero pakiramdam niya ay bigla siyang pinagpawisan.

“Dr. Daisy?” May tumawag sa kanyang likuran.

Bumaling siya sa nagsalita. Napansin niyang hindi na ito sa kanya nakatingin kundi sa lalaking pinagnanasahan niya kanina pa. Nakayakap si Zeta sa hawak na clipboard at nakanganga pa habang ang buong atensyon ay na kay Isaac.

“Yes, Zeta? May kailangan ka ba?”

Kumurap ito. “Sorry, Doc. Ang ganda pala ng view mo rito,” pilyang sabi nito.

“Oo nga, eh,” pabirong ganti niya upang pagtakpan ang pagkapahiya na nahuli siya nitong nakatunganga.

“Ang guwapo niya,” dagdag pa nito. “Haay, kahit mapawis na, mukha pa ring mabango.” Eksaheradang bumuntong-hininga ulit ito bago tumingin sa kanya. “Doc, question,” seryosong sambit nito.

“Hmm... Ano ‘yun?”

“Kapag niligawan ka ba ni Sir Isaac, sasagutin mo?”

“Zeta!”

Humagikgik lang ang nurse sa reaksiyon niya.

“Doc, bagay talaga kayo. Actually bagay sana kami kung biniyayaan siguro ako ng height mo para saktong ako sa balikat niya. Hay, sarap sigurong humilig sa shoulders niya, ‘no? Kaya lang hanggang baywang lang yata ako ni Sir kaya in-crush na lang ako sa kanya forever,” pagbibiro pa nito.

Natawa siya sa huling sinabi nito. Wala pa yatang five feet si Zet. Medyo chubby ito at cute ang mukha. Maganda ang disposisyon nito kaya gusto niyang kasama ito kahit ilang siya dahil parati siyang itinutukso kay Isaac.

“Zet, ano na nga’ng kailangan mo?”

“Debut kasi ni Abigail next week.” Ang tinutukoy nito ay ang nakababatang kapatid. “Nakakalimutan ko parating sabihin sa iyo na pinapaimbita ka niya. S’abi niya sa akin kapag hindi ka nakarating, huwag na rin daw akong pumunta.”

Muli siyang natawa sa kausap. Kilala niya si

Abigail. Idol daw siya nito. Pre-med student ang dalaga at kapag may pagkakataon ay nag-volunteer sa klinika.

“Wow! Mag-e-eighteen na pala si Abi. Saan ang celebration?”

“Doon sa function hall ng *Teresa’s Resort*.”

“Sige, sabihin mo darating ako. Formal attire ba dapat?”

“Uh-huh. Medyo,” tugon ni Zeta. “Tulungan lang sana ako ni Lord kumasya sa gown. Pero wait.” Nagliwanag bigla ang mukha nito. “Bakit nga ba hindi ko naisip kaagad. Dapat pala ay escort mo si Isaac. Tama!”

Bago pa siya nakapag-react ay nagmamadali na itong tumalikod.

“Zeta, ano’ng gagawin mo?” habol niya.

Nilingon siya nito, pilyang-pilya ang ngiti. “Mag-iimbita ng prinsipe.”

“Zet!” Baka kung ano ang sabihin nito sa lalaki. Pero dere-derecho lang sa paglalakad ang tinawag.

Nangangambang sinundan niya ito ng tingin habang palapit kay Isaac. Huminto ang binata sa

*The Heart Remembers - Carla Giopaolo*

---

ginagawa nang lumapit ang nurse at nakinig sa sinasabi nito. At some point in the conversation ay tumingin ito sa direksyon niya at ngumiti bago ibinalik ang atensyon kay Zeta. Nakita niya ang pagsang-ayon ng lalaki. Hindi niya tuloy alam kung sasakalin niya si Zeta o yayakapin para magpasalamat.